



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 NOBYEMBRE, 1995, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN VICENTE, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 055
Taong 1995

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN VICENTE, ROXAS, SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, minsan sa isang buwan ay magdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T, ang ikalawang pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay San Vicente, Nobyembre 27, 1995;

SAPAGKA'T, ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Vicente at ng mga mamamayang nagnansis na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diálogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamumuhay ng barangay ng San Vicente at ng mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamumuhay ng San Vicente sa bumubuo ng

Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong noong Nobyembre 27, 1995.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. na sinang - ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Vicente at sa mga mamamayan nito ang taupusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap noong Nobyembre 27, 1995.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Vicente, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Vicente S. Garao, Punong Barangay, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 27 Nobyembre 1995.


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED:



JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Tagapangulo

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

Received by:

tsff/


12/04/95-
10:05 AM